

PAUNAWA SA LABAG SA BATAS NA DETAINER (PAGPAPALAYAS)

NAGSIMULA NA ANG IYONG LANDLORD NG KASO SA HUKUMAN UPANG PALAYASIN KA.

UMAKSYON!

Mayroon kang 10 araw, hindi kasama ang mga weekend o pista opisyal sa hukuman, pagkatapos maihatid sa iyo ang reklamo upang makapaghain ng tugon.

Kung hindi ka tutugon, maaari kang awtomatikong matalo.

HUMINGI NG TULONG!

Maaaring makatulong sa iyo ang mga organisasyong ito:

- Legal na Tulong sa Bay Area (510) 663-4744
Libreng Tawag:
1-877-346-4529
- Centro Legal de la Raza (510) 437-1554
- Sentro ng Batas Pangkomunidad ng East Bay
(510) 548-4040
- Sentro ng Pagtatanggol Laban sa Pagpapalayas
(510) 452-4541

Ang State Bar of California ang nagpapatunay ng serbisyo ng referral sa abogado sa California at nagpa-publish ng listahan ng mga sertipikadong serbisyo ng referral sa abogado na nakaayos ayon sa county. Upang makahanap ng serbisyo ng referral sa abogado sa iyong county, pumunta sa website ng State Bar sa www.calbar.ca.gov o tumawag sa 1-866-442-2529. Para sa County ng Alameda, pumunta sa <https://www.acbanet.org/need-a-lawyer/> o tumawag sa 510-302-2222.

TULONG SA SARILI:

Ang website ng Hukuman ay may impormasyong makakatulong sa mga taong kumakatawan sa kanilang sarili:

<https://www.alameda.courts.ca.gov/self-help>.

Maaari ka ring humingi ng tulong sa Sentro ng Tulong sa Sarili ng Hukuman na matatagpuan sa Hayward Hall of Justice, 24405 Amador St, Hayward, CA 94544 o tumawag sa (510) 272-1393.

Espanol


www.alameda.courts.ca.gov/

粵語


www.alameda.courts.ca.gov/

Paunawa tungkol sa pag-access sa mga kasong selyado:

Alinsunod sa seksyon 1161.2 ng Kodigo ng Pamamaraang Sibil, ang mga sumusunod na tao lang ang maaaring sumuri sa file ng kaso:

- 1.) Sinuman o anumang partido na nakalista sa aksyon,
- 2.) Isang abogado para sa isa sa mga partido,
- 3.) Sinupamang tao na magbibigay sa kawani ng mga sumusunod: (a) Pangalan ng kahit isang nagsasakdal at isang nasasakdal sa aksyon at ang address, kasama ang anumang naaangkop na numero ng apartment, unit, o espasyo ng pinag-uusapang lugar, (b) Ang pangalan ng isa sa mga partido sa aksyon o ang numero ng kaso at maaaring magpatunay sa pamamagitan ng wastong pagkakakilanlan na nakatira siya sa pinag-uusapang lugar.

Ang mga taong hindi nakakatugon sa mga kinakailangang inilalarawan sa itaas ay hindi maaaring maka-access sa index ng hukuman, rehistro ng mga aksyon, o iba pang record ng hukuman nang hanggang 60 araw pagkatapos maihain ang reklamo, maliban na lang kung alinsunod sa isang ex parte na utos batay sa pagpapakita ng mabuting dahilan.

SERTIPIKO NG PAGPAPADALA SA KOREO

Ako, ang nabanggit sa ibaba na Tagapagpatupad na Opisyal / Kawani ng hukumang nabanggit sa itaas, ay nagpapatunay na hindi ako partido sa kasong ito, at sa petsang ito ay ipinadala ko ang Paunawa sa Labag sa Batas na Detainer (Pagpapalayas) sa bawat partido o abogado na pinangalanan sa ibaba at sa "Lahat ng Nakatira" sa pinag-uusapang lugar sa pamamagitan ng paglalagay ng dokumento para sa pangongolekta at pagpapadala sa koreo upang mailagay ito sa koreo ng Estados Unidos sa courthouse sa _____, California, isang kopya ng orihinal na inihain/isinama rito sa isang hiwalay na selyadong sobre sa bawat address gaya ng ipinapakita sa ibaba, kasama ang bayad sa selyo na ganap nang paunang nabayaran, alinsunod sa mga karaniwang kasanayan sa hukuman.

Petsa: _____

Ni: